



ANG

# Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVIII Blg. 21

Oktubre 21, 2007

www.philippinerevolution.org

*Editoryal*


## Likhain ang unos na magpapabagsak sa rehimeng Arroyo

**S**uklam na suklam na ang mamamayan sa di matapus-tapos na serye ng panunuhol, pangungurakot at iba pang maruruming maniobra ng rehimeng US-Arroyo. Rinding-rindi na sila sa walang pakundangan at tila wala nang hangganan pagwawaldas ng Malacañang ng bilyun-bilyong piso mula sa kabang-yaman ng bansa para higit pang makapangurakot at makapanatili sa poder.

Walang kaduda-dudang ang pangkatin at pamilyang Arroyo na ang pinakabulok at pinakamasiba sa nagdaang mga naghaharing pangkatin sa bansa.

Harap-harapang isinasagawa ng rehimen ang mga panunuhol kahit pa nasasadlak na sa isang napakatinding krisis ang paghahari nito. Sa bawat kasong nabubunyag, lang-tumitindi ang krisis hindi lamang ng paghahari ni Arroyo kundi ng buong reaksyonaryong sistema.

Nasa kasagsagan pa ang iskandalo ng suhulang NBN-ZTE nang bumulaga-ta sa bayan ang sunud-sunod na namang malalaking iskandalo ng suhulan sa Malacañang. Magkakasunod na nalantad sa publiko ang walang kapararakang panunuhol ng Malacañang upang bilhin ang suporta ng mga kongresista, gubernador at iba pang lokal na upisyal. Ilandaang upisyal ang tumanggap ng hanggang ₱500,000 bukod pa sa ilampung milyong "pork barrel"



**Mga tampok sa isyung ito...**

Garapalang suhulan  
PAHINA 3

16 armas nasamsam ng BHB sa Compostela  
PAHINA 6

Imperialistang pandarambong sa agrikultura PAHINA 9

kapalit ng kanilang suporta.

Namimili si Arroyo ng suporta upang tiyaking nasa kanyang panig ang mga kongresista at lokal na upisyal sa pagharap niya sa kasalukuyan at darating pang malaking banta sa kanyang pananatili sa poder.

Ang pinakakagyat na bantang kinakaharap ngayon ni Arroyo ay ang namumuo nang pakikipagtuos kay House Speaker Jose de Venecia, Jr. Paspasang ginagawa ng Malacañang ang lahat ng paraan para mapatalsik na bilang Speaker si de Venecia, na itinuturing nitong isa sa pinakamalalaking balakid sa loob ng naghaharing koalisyon sa plano ni Arroyo na manatili sa poder lagpas sa 2010. Pinanigan ni de Venecia ang kanyang anak na si Joey na siyang nagbunyag sa mga anomalya sa kasunduang NBN-ZTE kung saan tumanggap sina Arroyo at kanyang mga susing upisyal ng daan-daang bilyong pisong kikbak.

Layunin din ni Arroyo na tiyakin ang katapanan ng mga kongresista at lokal na upisyal laban sa anumang pagtatangkang patalsikin siya ng oposisyon sa pamamagitan ng *impeachment*. Nais din niyang makuha ang kanilang suporta sa

planong pagbabago sa konstitusyon—bagay na pinag-aalanganan pa ni de Venecia. Ang "cha-cha" ang daang gagamitin ni Arroyo para makapanatili sa poder lagpas sa 2010.

Sa sobrang kapal ng mukha ni Arroyo ay tinangka na rin niyang bilhin ang katapanan maging ng mga kalaban niya sa politika. Nagkamali siyang suhulan pati si Fr. Eddie Panlilio, gubernador ng Pampanga. Ibinunyag ni Panlilio ang tangkang pagsuhol. Sinundan ito ng pag-amin din ng ilan pang gubernador na tumanggap sila ng suhol. Lalong malaking pagkakamali nang tangkain ng Malacañang na suhulan si Anakpawis Rep. Crispin "Ka Bel" Beltran para suportahan ang niluto nitong pekeng kasong *impeachment* kay Gloria Arroyo. Nagkabalu-baluktot ang paliwanag ng mga tagapagtanggol ng rehimene nang isiwatal nina Ka Bel at ng tatlong gubernador ang tangkang panunuhol sa kanila.

Lalong lumaki ang iskandalo ng panunuhol dahil na rin sa harap-harapang pagtanggi ng mga alipures ng rehimene, sa kabilang kalinwa't kanang patunay ng mga sinuhulan na tumanggap sila ng pera



habang nasa Malacañang. Pani-bagong pambabaluktot na naman ang pinalalabas ng Malacañang na si Speaker de Venecia ang nasa li-kod ng panunuhol.

Ang rehimene na mismo ang nag-tuturo sa mamamayan kung gaano kabulok ang buong naghaharing reaksyunaryong sistema. Hindi na matitiis pa ng mamamayan ang tindi ng dinaranas nilang kahirapan at pasistang panunupil ng rehimene.

Paparami ang tumitindig laban sa bulok na rehimene. Itinatakwil ito ng nakararaming naghihikahos at inaaping masa ng sambayanan. Sukang-suka na maging ang mga nagmula sa hanay ng panggitnang uri. Bukod sa patuloy na paglaban ng mga elemento mula sa reaksyunaryong oposisyon, lumalalim na rin ang bitak sa hanay ng naghaharing pangkatin. Galit na galit at nagnanais nang tumalikod at mag-alisa laban sa rehimene maging ang nakararami sa mga pwersang militar at pulisia nito.

Ang tumitinding krisis pampilitika na kasalukuyang ibayong yu-mayanig sa rehimene Arroyo ay nag-iipon ngayon ng lakas para sa muling pagsambulat ng pani-bagong makapangyarihan at mapaggasyang pag-aalsang bayan upang tuluyang wakasan na ang kamuhu-muhi at lalong nahihiwalay na rehimene US-Arroyo.

Nakalatag na ang mga salik at nasa balikat ngayon ng organisadong pwersang progresibo at demokratiko ang responsibilidad para pukawin, pakilusin, organisahin at

# ANG Bayan

Taon XXXVIII Blg. 20 Oktubre 21, 2007

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wi-kang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

[www.philippinerevolution.org](http://www.philippinerevolution.org)

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikau-unlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa: [angbayan@yahoo.com](mailto:angbayan@yahoo.com)

## Nilalaman

### Editorial

Likhain ang unos na magpapabagsak sa rehimeng US-Arroyo	1
Garapalang suhulan	3
Hidwaang Arroyo-de Venecia	4

### Matatagumpay na opensiba

16 armas, nasamsam sa ComVal	5
------------------------------	---

### Pananalanta ng pasistang estado

Pamamaslang at militarisasyon	6
Abusong-militar sa Cagayan Valley	8
Ilitaw si Juliet Fernandez	8
Writ of amparo, aprubado na	8

### Imperialistang pandarambong

Caravan sa Southern Tagalog	10
Kumikitid nang mga sakahan	11

### Sa ibayong dagat

Memo ng US sa tortyur, nabunyag	11
---------------------------------	----

### Balita

	12
--	----

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

pamunuan ang malawak na mamayang punung-puno na sa kabulukan ng rehimeng. Mahalagang pagkumbinahin ang matiyagang solidong pag-oorganisa at matagalang pakikidigmang gerilya, at ang mabilisang masaklaw na pag-oorganisa, malapad na pakikipag-alyansa at malawakang pagpapakilos upang masagpang ang sumasambulat na krisis at lang umiinam na rebolusyonaryong sitwasyon.

Dapat tum-basan ng karapatang pamahayag at pagkilos ang bawat anomalyang nabubunyag upang bigyang-daluyan ang galit at pagkasuklam ng mamayan. Dapat pukawin at himukan ang paparaming sektor na kumilos sa lansangan at iba pang larangan at lumaban sa mas aktibo at militanteng paraan.

Dapat mabilis na palawakin ang nagkakaisang prente ng mga pwersang anti-Arroyo at samatalhin ang bangayan sa pagitan ng mga reaksyunaryo at maging sa loob ng naghaharing pangkatin. Kasabay nito, dapat mas mahigpit na panghawakan ng kilusang masa ang tuluy-tuloy na pagpapalakas at pagpapatatag ng mga demokratikong partido, organisasyon at lahat ng pwersa para sa pagpapatalsik kay Arroyo.

Sa panig ng PKP at BHB, paglian nitong susuportahan ang mga pagkilos at aksyon ng mga progresibong pwersa at mamaayan. Ambag nito ang inilulunsad na mga taktikal na opensiba laban sa mga pinakamasahol na bulok at pasistang pwersa ng naghaharing rehimeng upang lalo itong mapahina at mapadali ang pagwawakas dito. AB



# Garapalang panunuhol

**B**uong araw ng Oktubre 11, abala ang mga alipures ng rehimeng Arroyo sa pamumudmod ng milyun-milyong pisong suhol para bilhin ang katapanan ng mga kongresista at mga lokal na upisyal.

Tatlong bugso ng pulong-suhulan ang ginanap sa Malacañang mismo. Umabot sa 190 kongresista ang dumalo sa ipinatawag na pulong ng Malacañang noong umaga. Ayon sa maraming saksi, ang mga dumalo sa pulong ay tumanggap ng mga supot na naglalaman ng ₱200,000-₱500,000. Pinangakuan din sila ni Arroyo na ipamamahagi na sa kanila ang *pork barrel* na ₱70 milyon bawat isa.

Noong hapon naman ay ginanap ang pulong ng Union of Local Authorities of the Philippines (ULAP) na dinaluhan din nina Arroyo, Executive Secretary Eduardo Ermita at Undersecretary Antonio Albano ng Office of Coalition Affairs. Dumalo rito ang 48 sa 81 gubernador at maraming meyor. Tulad ng mga kongresista, tumanggap din ang mga lokal na upisyal ng gobyerno ng mga supot na naglalaman ng halagang depende sa laki ng nasasakupan.

Bandang gabi, dumagsa naman sa Malacañang ang mga di-nakahabol sa nau-nang mga pulong.

Bumulaga sa publiko ang suhulan nang humarap sa publiko si Gov. Eddie Panlilio ng Pampanga para sabihing iniabot sa kanyang *chief of staff*

ni Gov. Josesito Mendoza ng Bulacan ang

isang supot na naglalaman ng ₱500,000.

Inamin din ni Mendoza na siya ang nag-abot ng supot kay Panlilio. Ayon sa kanya, isang istap ng Malacañang ang nagbigay sa kanya ng dalawang bag ng pera. Dagdag pa sa kanila, umamin din ang iba pa na nabigyan sila ng pera tulad nina Rep. Rachel Arenas ng Pangasinan na nagsabing nakatanggap siya ng pera sa Kongreso mismo, Rep. Antonio Cuenco ng Cebu City at Gov. Emilio Macias ng Negros Oriental.

Nagpadala ng sulat si Panlilio sa Malacañang na nagtatanong kung saang ahensya ng gobyerno galing ang pera para maiyuhan niya ng resibo. Walang sagot ang Malacañang. Mula noon, tatlo pang kongresista—sina Rolando Uy ng Cagayan de Oro, Mauricio Domogan ng Baguio City at Bienvenido Abante Jr ng Maynila ang umaming nakatanggap din ng suhol. Inamin pa ni Abante na hindi ito ang unang pagkakataong binigyan siya ng “munting regalo” ng Malacañang.

Katulad ng inaasahan, nagkabuhul-buhol ang pagtatangi, pagdahilan at pangangatwiran ng mga alipures ng Malacañang at ng mga upisyal na tu-



manggap ng suhol. May nagpapaturay na binigyan sila ng pera, may nagsasabing walang suhulang naganap, may nagsasabi namang kung may bigayan man ng pera, normal at walang masama rito. Ang panunuhol ay tinurang "donasyon" para sa eleksyon pambarangay, "baon," "regalo," "pamasko," "insentibo," "allowance," "pampalubag-loob" at iba pa. Pati sa adyenda ng pulong ay nagkakaiba sila ng pahayag. Ayon sa isang gubernador, pinag-usapan sa pulong ang *impeachment complaint*. Habang nagkakabuhul-buhol at nagsasalungatan ang mga sinasabi ng mga alipures ni Arroyo, siya naman ay patuloy lamang na nananatiling tahimik tungkol sa isyu.

Bago ito, ibinunyag ni Rep. Crispin Beltran ng Anakpawis ang tangkang panunuhol sa kanya ni Francis Ver, *deputy secretary general* ng Kabalikat ng Malayang Pilipino (Kampi), ang partido ni Gloria Arroyo. Hinihangi ni Ver ang pagendorso ni Beltran sa hindi pa noon naisasampang pekeng kasong *impeachment* ni Atty. Ruel Pulido. Ayon kay Beltran, ang unang alok sa kanya ay ₱1 milyon at ₱2 milyon matapos niyang tanggihan ang alok.

Bukod kay Beltran, lima pang oposisyunistang kongresista ang tinangkang suhulan kapalit ang

pag-endorso sa reklamo. Dalawa sa kanila ang inalok ng pera ilang oras bago isampa ni Attorney Pulido ang *complaint*.

### Katakut-takot na kurakutan

Gaano pa man kasuka-suka ang pinakahuling suhulan, hindi ito ang una at malamang na hindi ito ang huling pagkakataong gagamitin ng rehimen ang pondo ng bansa para sa sariling kapakinabangan.

Nitong Oktubre 17, lumabas sa maraming pahayagan ang ulat ng Commission on Audit na nagdedetalye sa kwestyunableng gastos ng Malacañang noong 2006 na umaabot sa mahigit ₡2 bilyon. Kabilang dito ang paggamit ng perang nalikom sa mga donasyon para sa rehabilitasyon ng mga lugar na sinalanta ng kalamidad sa pagpapaganda ng *golf course* ng palasyo; mga *cash advance* na walang karampatang resibo; mga pautang na walang rekord; at ang mga di pagkakatugma ng nakasulat at aktwal na imbestaryo ng suplay at mga gamit ng palasyo.

Sumusunod ang ilang tampok na anomalya na iniulat ng COA;

> pamimigay ng hanggang ₢615 milyon sa mga upisyal at empleyado, lokal na mga gubyerno at pampublikong korporasyon nang walang karampatang mga resibo at pag-uulat (sa maigsing salita, suhol);

> pagkamkam sa mahigit ₢8.8 milyong donasyon para sa mga lugar na sinalanta ng kalamidad tungo sa pagpapaganda ng *golf course* (₱900,000), gastos sa hotel at mga kumperensya (₱3 milyon) at donasyon sa isang di pinangalanang institusyon na nagkakahalaga ng ₢4 milyon (sa maigsing salita, ibinulsa);

> pagpapautang ng

mahigit ₢269 milyon mula sa Presidential Social Fund nang hindi dumadaan sa tamang proseso at walang dokumentasyon;

> iligal na paglilipat ng ₢112 milyon mula sa pondo ng Malacañang tungo sa mga lokal na gubyerno, pampublikong korporasyon at diumano'y mga *nongovernmental organizations*.

### Gloria Resign!

Ang harap-harapang panunuhol at mga kasinungalingan ay nagbunsod ng panibagong bwelo para sa panawagang patalsikin si Arroyo.

Sa sobrang pagkasuklam, nanawagan ang Catholic Bishops Conference of the Philippines (CBCP) na imbestigahan ng Senado ang naganap na suhulan. Marin nitong kinundena ang "moral bankruptcy" ng rehimen, bukod pa sa pagkabangkarote nito sa ekonomya. Nanawagan ng pagbibitiw ni Arroyo sina Bishop Teodoro Bacani Jr, Caloocan City Bishop Deogracias Iñiguez, Novaliches Bishop Antonio Tobias, Bishop Julio Labayen, Bishop Dan Balais ng Philippines for Jesus Movement at Pastor Domingo Rivera ng Jesus is Lord.

Agad namang naghahapag ng resolusyon si Sen. Aquilino Pimentel para magtawag ng imbestigasyon. Naghahapag din ng katulad na resolusyon ang mga progresibong partido sa Kongreso.

Dahil sa iskandalo ng panunuhol, nanawagan sina Sen. Francis Pangilinan, Sen. Aquilino Pimentel at Rep. Crispin Beltran na magbitiw na si Arroyo.

Naglunsad na ng mga magkahiwalay na protesta ang Bayan, Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, Black and White Movement at iba pang anti-Arroyong organisasyon bilang paunang pagkilos sa susunod na mga buwan. Lumalakas din ang ugong ng panibagong pagkilos ng mga upisyal at sundalong anti-Arroyo sa loob ng militar. **AB**



# Hidwaang Arroyo-de Venecia

**L**along tunitindi ang hidwaan sa pagitan ng mga nag-uumpugang pakyon sa loob ng pangkating Arroyo habang walang awat ang pagbatikos at pagkilos ng mga kalaban nito sa pulitika.


Mula nang ibunyag ng anak ni Speaker Jose de Venecia na si Joey de Venecia III ang papel ng asawa ni Gloria Arroyo na si Mike sa suhulang NBN-ZTE, naging hayagan na ang pagsama ng relasyon ng Speaker at ng rehimene.

Bago pa ito, matandaang gumastos ng daandaang milyong piso ang mag-asawang Arroyo para isulong ang kandidatura ng kalaban ni de Venecia sa ika-apat na distrito ng Pangasinan na si Mayor Benjamin Lim ng Dagupan City. Nang manalo pa rin sa eleksyon si de Venecia, sinubukan naman nina Arroyo na maipalit sa kanya si Rep. Pablo Garcia bilang House Speaker.

Nitong huli, nabunyag na ang panibagong plano ni Arroyo na siping si de Venecia bilang Speaker at ipalit si Rep. Prospero Nograles. Si Nograles ay kapartido ni de Venecia pero mas tapat sa mag-asawang Arroyo. Nabuo ang desisyong ito sa isang lihim na pagpupulong nina Arroyo at anim na kongresista sa Malacañang.

Ayon sa mga ulat, pinili nila si Nograles upang iwasan ang lubusang pagkabiyak ng koalisyon Kampi-Lakas. Sa ganitong paraan, maaagaw ng Malacañang ang kapangyarihan ni de Venecia maging sa kanyang partido. Kasabay nito, nabuo na rin ang plano para lubusan nang gapiin si de Venecia.

Tanda ng paghina ng kapangyarihan ni de Venecia ang kanyang kainutilan na hadlangan ang pagkakapasa ng pinakahuling reklamong *impeachment* na isinampa sa Kongreso na may hangaring pangunahan ang oposisyon sa pagsasam-



pa ng mas malakas na reklamo. Ang mahinang reklamong ito ay inihain ni Atty. Roel Pulido at inendorso ni Rep. Edgar San Luis ng Laguna, isang kaalyado ni Arroyo.

Pinuna ito kapwa ng mga progresibong grupo at oposisyon. Nabunyag na ang Malacañang mismo ang nasa likod ng sadyang pinahinang reklamong ito na inihain para mabilis na maibabasura ng mga alipures ni Arroyo. Tulad ng nangyari noong nakaraang taon, oras na maibasura ang reklamong ito ay hindi na muli pwedeng kasuhan si Arroyo ng panibagong kasong *impeachment* sa loob ng isang taon.

Tiniyak ng mag-asawang Arroyo na maipagbibigay-alam kay de Venecia ang kanilang panunuhol sa mga kongresista kapwa sa partidong Lakas at Kampi para distansyahan nila ang Speaker. Hayagang inalok ng isang kapartido ni Arroyo ng ilang milyong piso maging ang oposisyon kapalit ng pagsuporta nila sa mabuway na reklamo. Nang sumingaw ang baho ng tangkang ito, mabilis na umatras ang mga alipures ni Arroyo at bigla na lamang itinuro si de Venecia bilang utak ng reklamo.

Kung masusunod lamang ang

pangunahing opereytor ni Arroyo na si Ronaldo Puno, hindi na magtagal si de Venecia sa kanyang pwesto. Habang hindi pa lubusang isinasara ni de Venecia ang pinto para kay Arroyo, abala na ang kanyang asawang si Gina de Venecia sa pagkikipag-alyado sa mga pwersa ng Black and White Movement at iba pang grupong anti-Arroyo.

Si de Venecia mismo ay nailutat na nakipagkita na rin sa iba't ibang personalidad ng oposisyon anti-Arroyo tulad nina Sen. Panfilo Lacson, dating presidente Corazon Aquino at Rep. Rufus Rodriguez ng Cagayan de Oro City. Sinasabing napapag-usapan sa mga pagpupulong na ito ang pagkuha ni de Venecia ng kanilang suporta para sa *impeachment* ni Arroyo.

Sa gitna ng gulong ito, lumalakas din ang mga ugong-ugong na disgustado na ang ilang susing upisyal sa gabinete ni Arroyo. Isa na rito si NEDA *director general* Romulo Neri na tumestigo sa Senado at napilitang pagtakpan ang susing papel ni Arroyo sa suhulang NBN-ZTE. Harap-harapan siyang binraso ng mga alipures ng rehimene. May mga ulat na handa siyang magbitiw sa pwesto, kasama ng tatlo pang myembro ng gabinete.

Ipinangako ng Bayan Muna, iba pang progresibong partido at ng mga reaksyunaryong oposisyonista kay de Venecia na susuportahan siya kung lubusan na niyang tatalikuran ang pangkating Arroyo. Kung sakali, mapalalakas ang oposisyon sa Kongreso para mas mabisang magamit laban kay Arroyo.


Depende sa kanilang magiging kilos at sa paglakas ng mga aksyong protesta sa lansangan, maaaring makatipon sila ng malaki-laking bilang ng mga kongresista upang inendorso ang isang reklamong *impeachment* upang awtomatikong malitis si Arroyo sa Senado.



# 16 armas, nasamsam ng BHB sa Compostela Valley

**U**mabot sa 16 na armas ang sinamsam ng mga Pulang mandirigma ng Alejandro Lanaja Command ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa isang walang putok na reyd sa detatsment ng 72nd IB sa Barangay Canidkid, Montevista, Compostela Valley noong Oktubre 7. Karamihan sa malalakas na kalibreng armas na ito ay mga ripleng M16 at M14.

Sakay sa isang trak, dumating sa bahay ng punong barangay ng Canidkid noong umagang iyon ang mga Pulang mandirigma na nagpanggap na mga sundalo ng AFP. Pagkatapos magpakilalang mga sundalo ng Philippine Army, sinabihan nila si Glorieto Mahumas (punong barangay at isang aktibong elemento ng CAFGU).



na tawagin si Sgt. Raul Reyes, ang kumander ng detatsment, para sa mahalagang pulong. Nang dumating ang sарhento kasama ang isa pang elemento ng CAFGU na si Rudy Villaflor, dagli silang inaresto at dinala sa detatsment. Paglapit nila sa detatsment, nanawagan na ang BHB sa natitirang mga CAFGU na isuko ang kani-kanilang mga armas.

Sina Sergeant Reyes at ang dalawang elemento ng CAFGU ay ipinailalim sa imbestigasyon kaugnay ng mga krimen laban sa mga sibilyan ng Montevista, ayon kay Ka Aris Francisco, tagapagsalita ng Alejandro Lanaja Command. Sina Mahumas at Villaflor ay aktibong nagrekluta ng mga CAFGU.

Sa iba't ibang bahagi ng bansa, tuluy-tuloy ang mga taktikal na opensiba laban sa mga regular at paramilitar na pwersa ng rehimeng US-Arroyo mula huling linggo ng Setyembre hanggang unang hati ng Oktubre.

**Sa Surigao del Sur.** Nasugatan ang isang sарhento ng Philippine Army at dalawang elemento ng Special CAFGU Active Auxiliary nang salakayin ng isang platun ng BHB ang bodega ng Paper Resources Industries (ang dating PICOP) sa Barangay Pamaypayan, Lingig noong hapon ng Oktubre 12. Bago ito, sinunog ng BHB ang isang buldoser ng kumpanya bilang parusa sa kontramamayan at kontra-kalikasan ng mga aktibidad nito.

**Sa Aurora.** Namatay ang isang elemento ng CAFGU sa isinagawang isnayping ng isang tim ng BHB sa kabiserang bayan ng Baler bago magtakipsilim noong Oktubre 9. Ginapang hanggang sa ma-

## Mga krimen ng 65th IB laban sa mamamayan ng Catanduanes

**P**inarusahan ng BHB ang 65th IB ng Philippine Army dahil sa maraming kaso ng pang-aabuso sa mamamayan ng Catanduanes sa pagpapatupad nito ng Oplan Bantay Laya 2, ayon kay Ka Theresa Magtanggol, tagapagsalita ng Nerissa San Juan Command ng BHB. Maliban sa pinakahuling mga reklamo ng pang-aabuso tulad ng pambubugbog, panghalughog ng mga kabahayan, panunutok ng baril at pangungumpiska ng mga *cellphone*, partikular sa mga bayan ng San Miguel at San Andres, sumusunod ang ilan pang mabibigat na krimen ng 65th IB:

- > pagpaslang kay Ka Joey "Bunso" Hernandez noong Hulyo 17, 2007 sa Barangay Danicop, Virac kahit siya ay *hors d' combat* o wala nang kakayahang lumaban;
- > pagpatay sa mga sibilyan na sina Solomon Tabuzo, 64 taong gulang, at Gilbert Tabuzo, 17 taong gulang, noong Hulyo 17, 2007, at pagpapalitaw sa publiko na sila ay mga kasapi ng BHB;
- > pagdakip at sapilitang pagpapahawak ng Ingram *machine pistol* kay Wilma Clavo sa Barangay Tibang, San Andres at pagparatang sa kanyang kasapi siya ng BHB; at
- > pambubugbog kay Roger Clavo ng Barangay, Tibang, San Andres.

AB



kadikit ang mga mandirigma ng BHB sa detatsment ng 69th IB ng Philippine Army at saka ito pinulanan ng bala.

**Sa Catanduanes.** Lima ang namatay at 12 ang nasugatan sa mga sundalo ng 65th IB sa dalawang magkasunod na aksyong pamarungang inilunsad ng mga Pulang mandirigma ng Nerissa San Juan Command (NSJC) sa Catanduanes noong Setyembre 27 at Oktubre 6.

Ayon kay Ka Theresa Magtanggol, tagapagsalita ng NSJC, naganap ang unang ambus noong madailling araw ng Setyembre 27 habang pauwi ang mga sundalo sa kabise-rang bayan ng Virac mula sa kani-lang operasyong istrayk. Naglalakad ang mga elemento ng militar nang tambangan sila ng isang tim ng BHB sa Barangay Tibang, San Andres, Catanduanes. Apat ang namatay at anim ang nasugatan sa mga sundalo.


Muling tinambangan ng isa pang tim ng BHB ang nakasakay sa trak na 16-kataong platon ng Alpha Company noong Oktubre 6 sa Barangay Tiloc, Baras. Isa ang namatay at anim ang nasugatan sa aksyong harassment na ito. Kabilang sa tatlong malubhang nasugatan si 2Lt. Eduardo Dompol, lider ng platon. Walang kaswalti sa panig ng mga Pulang mandirigma.

Sa kabilang banda, mariiing kinundena ng NSJC ang militar sa paggamit sa sibilyang drayber na si Edgar Pinili bilang "human shield" o pananggalang ng militar. Namatay si Pinili sa putukan. Hummingi rin ng paumanhin ang NSJC sa mga kamag-anak ng biktima sa hindi inaaasahang pagkakadamay niya sa labanan.

Gayunman, muli silang nanawagan sa mamamayan na huwag magpasakay o magpagamit ng kani-lang mga sasakyang nag-ooperasyong militar at huwag ding sumakay sa mga behikulo ng militar upang di madamay sa labanan. AB

# Pamamaslang sa mga progresibo at militarisasyon sa kanayunan

**W**alang patid ang pang-aabuso at pamamaslang ng mga elemento ng AFP sa mga komunidad at baryo sa kanayunan.



**Oktubre 15.** Hinaras ng mga sundalo ng 29th IB ang mga katutubong Talaandig sa Capitan Angel, Malaybalay City. Pinalabas ng mga sundalo sa kani-lang mga bahay ang kalalakihang Talaandig at "ininteroga." Tinakot ng mga ito ang pitong pamilya para umaming sila ay kasapi o di kaya'y sumusuporta sa BHB. Sa sobrang takot, isang katutubo ang napaiyak na lamang nang siya'y pagbantaang papatayin ng isang sundalo. Ang panghaluhog ng militar ay nagdulot ng matinding takot sa buong komunidad. Kinundena ito ni Datu Migketay Vic Saway, isa sa mga pinuno ng tribo.

**Oktubre 9.** Binaril ng isang berdugo ng rehimeng si Datu Basilio Bautista Luna, 52, isang pari ng Iglesia Filipina Group (Alpha Omega) at isa ring lider-katutubo sa Purok 3, Bolhoon Village, San Miguel, Surigao del Sur alas-7 ng umaga.

**Oktubre 8.** Pinagbabaril ng dalawang lalaking sakay ng motorsiklo ang brodkaster na si Jose Pantoja sa tapat ng Mindanao State University sa Iligan City. Kritikal ang kundisyon ni Pantoja sa ospital.

**Oktubre 6.** Pinuntirya ng mga tropa ng 65th IB ang mamamayan ng Barangay Tiloc, Baras, Catanduanes, matapos sila mapinsalaan sa pakikipagsagupaan sa isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Iligal na inaresto at binugbog ng mga sundalo ang lahat ng kalalakihan sa katabing baryo ng Batolinaw at dinala sa kampo ng Alpha Company sa Virac, Catanduanes.

Kinabukasan, ang buong kabayahan naman ng Barangay Sta. Maria, Baras ang iligal na hinaluhog ng mga sundalo. Iligal na hinaluhog din ang bahay nina Dennis Rojas ng Barangay Paniquihan, Adul Icaranom, kapitan ng Barangay Macutal, Arlene Fabia ng Barangay Rizal at Soledad Taniegra ng Barangay Caragumihan. Tinutukan ng baril sina Arlene Fabia, Arlene at Elmer Taniegra, kapwa nakatira sa Barangay Osmeña, Baras.

**Setyembre 25.** Pinagbabaril ng mga elemento ng CAFGU sina Tititing Rodriguez, 47, at kanyang manugang na si Rene Adlawan, 24, kapwa magsasakang taga-Sityo Balwarте, Barangay San Antonio, Laak, Compostela Valley. Nag-aani noon ng mais ang dalawa nang sila'y lapitan ng limang armadong elemento ng CAFGU. Bago sila patayin, inakusahan silang may kinalaman sa pagkamtay ng isang elemento ng CAFGU.

Hanggang ngayon ay naghahari-harian pa rin sa lugar ang mga elemento ng CAFGU. Pinagbantaan nila ang mga saksi na patayin kung magsusuplong sila kaninuman. AB



## Abusong militar sa Zinundungan, Cagayan Valley

**A**ng sumusunod ay mula sa kore-sponsyal ng Cagayan Valley kaugnay ng tuluy-tuloy na pama-slang at militarisasyon sa Zinundungan Valley, partikular sa bayan ng Rizal, Cagayan mula Agosto hanggang Setyembre ngayong taon.

**Setyembre 8.** Tinutukan ng baril at tinakot ng mga sundalo si Bong Balasi, magsasaka ng Tungatong, Barangay San Juan, Rizal.

**Setyembre 1.** Hinalughog ng mga sundalo ang lahat ng kaba-hayan sa Sityo Turukutukan, Bara-ngay San Juan. Kinumpiska nila ang mga gamot sa *health center*.

**Agosto 31.** Si Enteng Agbayani ng Sityo Ulima, Barangay San Juan, Rizal ay tatlong ilit na ipinatawag ng mga sundalo upang piliting umamin na sumusuporta siya sa BHB.

**Agosto 29.** Habang nanganga-so, hinuli ng mga sundalo si Matias Asco ng Barangay Masi at pini-lit na magsilbing giya ng militar.

**Agosto 26.** Inubos ng isang platan ng mga sundalo ang kala-hating sakong bigas, tuyo, sardinas, kape at asukal ni Boy Garon, isang magsasakang taga-Sityo Baculud, Barangay Masi. Ang pag-

kain ay inihahanda sana ni Garon para sa mga magtatrabaho sa ka-nyang kaingin. Bago umalis, pi-nag-aapakan pa ng mga sundalo ang kalahating ektaryang malapit nang mamungang palay.

Noong araw ding iyon, tinutu-kan ng baril ang mag-anak na Bartolome sa loob ng kanilang pamamahay sa Sityo Baculud.

Sinakal si Barangay Kagawad Ambot Asucena ng mga sundalo matapos umanong makita ang isang *buckshot* na baril sa ka-nyang bahay sa Barangay Masi.

**Agosto 21.** Tinakot at hinabol ng pito-kataong iskwad ng 21st IB si Junior Lanna, isang magsa-sakang taga-Sityo Tungatong, Ba-rangay San Juan. AB

## Ilitaw si Juliet Fernandez!


**N**aglunsad ng kilos-pro-testa ang Gabriela sa harap ng Camp Aguinaldo noong Oktubre 16 upang igiit sa militar na ilitaw ang lider magsasaka na si Juliet Fernandez. Si Juliet Fernandez, 32, ay dinukot ng mga ele-mento ng 52nd IB noong Mayo 11 sa bayan ng Calbi-ga, Samar. Siya ay organisa-dor ng lokal na organisa-syong mangingisda na ka-anib ng Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamatakaya ng Pilipinas (Pamalakaya).

Si Fernandez ay dating kasapi ng Amihan, isang organisasyong magsasaka. Nagsilbi rin siyang Pangkala-hatang Kalihim ng Gabriela Youth noong siya'y nag-aaral pa sa Polytechnic University of the Philippines. AB

## Mga alituntunin para sa *writ of amparo*, inilabas

**I**nilabas ng Korte Suprema nitong Setyembre 25 ang mga alituntunin sa paggamit sa *writ of amparo* na inaasahang makatutulong sa mga biktima ng karahasan at paglabag sa karapatang-tao. Ito ang isa sa resulta ng ipinatawag ni Chief Justice Reynato Puno na kumpe-rensya hinggil sa mga pampuliti-kang pamamaslang. Magkakabisa ito sa Oktubre 24. Susunod na ring ilalabas ang mga patakaran hinggil sa *habeas data*.

Ang *writ of amparo*, kasabay ng *writ of habeas corpus* at *habeas data*, ay maaaring gamitin ng mga biktima at kanilang pamilya para igiit sa mga awtoridad na ilitaw ang mga dinukot, pinaslang at itinatagong mga pinagsususpectsahan at iharap ang mga ito sa korte. Sa *writ of amparo*, hindi na pwedeng sabihin lamang ng mga awtoridad na wala sa kanilang kustodiya ang isang nawawa-la. Kailangan nilang ipakita ang



pruweba na wala nga sa mga kampo o *safehouse* nila ang mga ito. May karapatian din ang korte na halug-hugin ang mga upisina, kampo at iba pang pasilidad ng pulis at mili-tar para mapatunayang wala nga si-lang itinatagong biktima. Ang isang mamamayang sinusundan o mina-manmanan ng militar ay pwede ring humingi ng proteksyon ng korte para hindi ito tuluyang masaktan. Sa *habeas data*, may awtoridad ang mga korte na iutos sa militar na ipakita ang mga papeles hinggil sa mga suspetsado at batayan kung bakit

sila minamanmanan, ikinulong o dinukot.

Anumang oras ay pwedeng magsampa sa korte ng *writ of amparo*. Aplikable rin ito maging sa mga kasong nangyari bago pa man ito maaprubahan. Maaaring isama rito ang kaso nina Jonas Burgos, Karen Empeño at marami pang iba.

Bagamat matagal nang ligal na proteksyon ng mga mamamayan sa Latin America ang *writ of amparo*, ngayon pa lamang ito magagamit sa Pilipinas. Pinag-aaralan ito ngayon ng mga nagtaguyod ng karapatang-tao upang makita kung paano ito magagamit para proteksyunan ang mga mamamayan.

Samantala, tinukoy ng Asian Human Rights Commission (AHRC) na bukod sa *writ of amparo*, may pangangailangan pa rin para sa mga batas para maproteksyunan ang mamamayan laban sa tortur at pagdukot, magkaroon ng tulong na ligal at kumpensasyon sa mga biktima at pamilya nila at maproteksyunan ang mga saksi. **AB**

## Imperialistang pandarambong sa agrikultura

**S**a buong kasaysayan ng papet na republika, ang iba't ibang huwad na programa ng reaksyunaryong estado sa repermang agraryo at pagpapaunlad umano ng agrikultura ay nagsilbi lamang na mga instrumento para pag-ibayuhin ang pandarambong ng mga imperyalista, lokal na panginoong maylupa at komprador kapitalista sa agrikultura at likas na yaman ng bansa. Bukod pa ito sa pagsisilbing instrumento ng mga ito para linlangin ang mga magsasaka at sagkaan ang armadong rebolusyonaryong kilusan.

Nagsimula ang malawakang pagrerestruktura ng agrikultura para ibayong magsilbi sa imperyalistang pandarambong noong panahon ng diktadurang US-Marcos. Naglunsad ang diktadura ng tina-guriang Green Revolution para umano suhayang ang pekeng reportang agraryo nito. Sa katunayan, nagsilbing daan lamang ang Masagana 99 at mga katulad na programa ng "Green Revolution" para lumbusan nang isandig ang agrikultura ng bansa sa imperyalistang mga produkto, tulad ng mga abono, pestisido at pati mga binhi. Pinatay nito ang mga katurubo at tradisyunal na tanim at pinalitan ng mga *hybrid* (mestizo) na tanim na palaging nangangailangan ng napakaraming inaangkat na abono at pestisido.

Pinasahol ito ng pag-sasabatas ng rehimeng US-Aquino ng bersyon naman nito ng huwad na reforma sa lupa—ang Comprehensive Agrarian Reform Law

(CARL)—at paglulunsad ng kaakibat na mga programa nitong pansuhay umano sa agrikultura. Tumampok sa pagpapatupad umano ng rehimeng US-Aquino ng iba't ibang paraan tulad ng Stock Distribution Option upang makaiwas na masaklaw ng CARL ang malalaking asyenda, kabilang na ang sariling asyenda ng pamilyang Cojuangco-Aquino—ang Hacienda Luisita.

Ang sumunod na rehimeng US-

Ramos ay nagtayo ng mga Agrarian Reform Communities (ARC) para magsilbing pakitang-tao ng mga tagumpay umano ng CARL at pagtakpan ang mga kabiguan nito. Sa mga ARC, nagpatupad ng Key Production Area (KPA) na nag-oobligasa mga magsasaka na mag-ispesyalisa na lamang sa ispesipikong mga pananim, pangunahin na yaong mga di pangkaraniwang pang-eksport tulad ng asparagus at bulaklak na pangdekorasyon, sa halip na palay at mais. Sa gayon, ang dating limang milyong ektares nata-tamnan ng palay at mais ay naging 1.9 milyon na lamang at ang 3.1 milyong ektares dating palayan at maisan ay ginawa nang babuyan, manukan at plantasyon ng mga pang-eksport na bulaklak at mga katulad nito.

Alinsunod rin sa disenyo ng mga ARC, pinabilis at inengganyo ng gubyerno ang sosyohan ng ARC at mga kumpanyang agribisnes, na karamihay nakatutok sa produksyon pang-eksport. Kabilang sa gayong mga sosyohan ang *contract-growing, joint venture* at *lease arrangement*.


Sa *contract growing*, binaba-



yaran ng kumpanyang agribisnes ang mga magsasaka para magtanim ayon sa kagustuhan ng kumpanya. Ang kumpanya ang siyang bibili ng produkto sa presyong ito rin ang nagdidikta. Sa *joint venture*, nagsososo ang isang pribadong kumpanya at kooperatiba ng mga magsasaka. Ang pribadong kumpanya ang bahala sa mga pasilidad, teknolohiya, pagsasanay at kabuuang pamamahala habang ang mga magsasaka ang nagtatrabaho sa lupa. Sa *lease arrangement*, inuupahan ng isang pribadong empresa ang lupaing iginawad na sa mga magsasaka sa kundisyon ang mga magsasaka ay mananatiling tagapagbungkal ng lupa. Ang pribadong mamuhunan na ang magkokontrol sa produksyon, pagpoproseso at pagbebenta ng mga produktong agrikultural.

Mula 1996 hanggang 2002, nagkaroon ng mahigit 1,059 sosohan sa pagitan ng mga ARC at mahigit 394 empresang agribisnes.

Ipinasa rin ng rehimeng US-Ramos ang EO 124 noong Setyembre 8, 1993 na tumutukoy sa nangungunang mga lugar para sa *land use conversion* (LUC) o pagpapalit-gamit ng lupa at *crop conversion* o pagpapalit-tanim. Noong 1995, inaprubahan ng Kongreso ang RA 7881 na nag-amayenda ng CARL para hindi na masaklaw ng repormang agraryo ang mga masasaklaw ng LUC, tulad ng mga dating tanimang gagawing palaisdaan at sugpuan. Mas masahol pa, pinahihintulutan nito ang transformasyon ng mga lupaing agrikultural tungong komersyal at malakihang palaisdaan at sugpuan. Mula 1979 hanggang 1991, nagkaroon ng aprubadong aplikasyon para sa LUC na sumasaklaw sa 6,025.4 ektarya. Nadagdagan pa ito ng 11,721 ektarya sa



panahon ni Estrada. Sa kabuuan, ang inaprubahang aplikasyon para sa LUC mula 1979 hanggang 2004 ay sumaklaw ng 42,062.83 ektarya.

Mas ibinukas pa sa imperyalistang pandarambong ang sektor ng agrikultura sa panahon ni dating presidente Joseph Estrada. Noong Disyembre 22, 1997, inaprubahan ng Ika-10 Kongreso ang Agriculture and Fisheries Modernization Act (AFMA) o RA 8435 na isa umanong hakbang para umunlad at lumaki ang kita ng sektor ng agrikultura at pangisda ng bansa at maihanda ang natrang mga sektor para sa mga "hamon ng globalisasyon." Naglaan para rito ng pondong umaabot sa ₱20 bilyon bawat taon o \$377.50 milyon na karamiha'y mula sa mga dayuhang bangko at pinansyal na institusyon gaya ng Overseas Economic Cooperation Fund ng Japan (28%); Asian Development Bank (22%); at US Public Law (16%).

Sistematisa at pinabilis ng AFMA ang *land use at crop conversion* at pangangamkan ng lupa ng mga multinasyunal na korporasyon sa mga sakahan ng Pilipinas. Sa pamamagitan ng pagtatayo ng Network of Protected Areas for Agricultural and Agro-Industrial Development at Strategic Agriculture and Fisheries Development Zones, tinukoy ang lahat ng agrikultural na lupaing napakainam pagtamnan ng iba-ibang pang-eksport na produkto para mas madali itong masamsam ng mga dayuhang korporasyon.

Sa masugid na pagpapatupad ng imperyalistang patakaran "globalisasyon" at kaakibat nitong neoliberalisasyon, deregulasyon at pagpasok ng malalaking pribado at dayuhang kumpanya sa mga dating nakalaan lamang sa mga Pilipino,

## Protest caravan sa Southern Tagalog

**S**abay-sabay na inilunsad noong Oktubre 15 ng mga magsasaka at kanilang mga kapanalig ang serye ng mga "protest caravan" sa mga syudad at sentrong bayan ng Southern Tagalog upang kundenahin ang kainutilan ng programa sa repormang agraryo ng gubyerno. Ang *caravan*, na itinaon sa paggunita ng "Linggo ng mga Magsasaka" ay inilunsad sa Lucena City, kabisera ng Quezon.

Kasama ng mga magsasaka ang kanilang mga pamilyang nagmula pa sa Bondoc Peninsula sa katimugang Quezon. May katulad ring mga aksyong protesta na isinagawa sa Trece Martires City sa Cavite; Antipolo City, Rizal; Batangas City; at Sta. Cruz, Laguna.

Hiniling din ng mga magsasaka na ibalik sa kanila ang multi-milyong pisong "*coconut levy fund*" (pondong sapilitang kinulekta mula sa mga magniniyog noong panahon ng batas militar), itigil ang militarisasyon sa kanayu-

nan at ibasura ang Calabarzon Development Project at ang mapanirang Philippine Mining Act.

Samantala, inianunsyo ni Rafael Mariano, tagapangulo ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) at ng partidong Anakpawis, ang pagkakatataag noong Oktubre 10 ng Pagkakaisa para sa Tunay na Repormang Agraryo (PATRIA). Magbabalangkas ang PATRIA ng bagong panukalang batas para sa pamamahagi ng lupa na kanilang ipipresenta sa Kongreso sa Nobyembre.

AB



pinasahol pa ng kasalukuyang rehimeng US-Arroyo ang imberyalistang pandarambong sa agrikultura.

Sa ilalim ng rehimeng US-Arroyo, nag-ibayo ang panghihimasok ng mga imberyalistang kumpanya sa agrikultura ng bansa at binaha nila ang Pilipinas ng mga inangkat na produktong agrikultural. Nag-ibayo ang pagkalugi at paghihirap ng mga magsasaka.

Itinutulak din ng rehimeng US-Arroyo ang Agricultural Credit Bill na nagtatanggal ng sampung taong pagbabawal sa pagbebenta at paglilipat ng naipamahaging kalupaan (kahit ito'y hindi pa nabayaran, bahagyang nabayaran o ganap nang nabayaran). Ang mga panginoong maylupa mismo sa Kongreso at ang World Bank ang nangunguna sa pagtutulak nito. Ipinagkakait ng panukalang batas na ito ang limitado na ngang proteksyon sa maliliit na magsasaka laban sa mga nagnais mangamkam ng kanilang lupa. Inaalis din nito ang probisyon ng CARL na limang ektaryang *retention limit* (hangganan sa pag-aari ng lupaing agrikultural).

Sa kalagayang palaging baon sa utang ang mga magsasaka, napilitan silang ibenta ang kanilang lupa sa mga panginoong maylupa o pumasok sa mga mapang-usurang kaayusan sa pangungutang gaya ng pagsanla ng lupa mismo at ang iba't ibang anyo at antas ng mga natanggap nila sa CARL, tulad ng mga Emancipation Patents, Certificate of Land Ownership Agreements, Certificate of Land Transfers at iba pa, kapalit ng inuutang nilang pondong pansaka. Bumalik sa dati ang kalagayan ng mga magsasaka na nawawalan ng lupa dulot ng usura. Samantala, ang pagtatanggal sa *retention limit* ay nagpapatibay at nagpabilis ng rekonsentrasyon ng malalawak na lupain sa kamay ng malaking luma at bagong panginoong maylupa.

AB

## Sikretong pahintulot ng US sa paggamit ng tortyur

**N**abunyag kamakailan sa US ang mga sikretong memo o patakaran hinggil sa pagtortyur sa mga suspectsadong terorista. Ang mga memo na binansagan ng midya sa US na "memo sa tortyur" at inisyu ng US Justice Department mula 2003 ay walang pakundangang ginamit ng Central Intelligence Agency (CIA) laban sa mga detenido ng Abu Ghraib, Guantanamo at maraming sikretong kulungan sa Europe at Middle East.

Alinsunod sa memo, maaaring gumamit ang mga imbestigador ng CIA ng brutal na mga paraan sa interogasyon. Kabilang dito ang kunwang paglulunod, pagbabantang papatayin sa pamamigtan ng pagsakal, pagkuryente, paghampus sa ulo, pagkulong sa mga seldang parang *freezer* nang nakahubad, pagkait ng tulos, paggamit ng malalakas na ingay at tuluy-tuloy na interogasyon. Maging ang mga pamamaraan na maaaring makamatay o magdulot ng pagkasira ng mga bahagi ng katawan ay pinahihintulutan,

basta't hindi "kagibal-gibal sa kunsensya."

Mariing itinanggi ni US President George Bush ang paggamit ng mga sikretong kulungan at pagtortyur. Ngunit nang lumabas sa *internet* ang mga litrato ng mga hubad na detenidong inaalipusta ng mga sundalong Amerikano sa Abu Ghraib, idinahilan ng militar ng US na iilang kaso lamang ito at ginawa nang walang permiso mula sa mga upisyal. Laging idinadahilan ng mga

sundan sa "Pahintulot...," *pahina 12*

## Papakitid na mga sakahan

**N**apakasama ng epekto ng *land use* at *crop conversion* sa produksyon ng mga pangunahing pagkain sa bansa. Lubusang nabaliktad ang paglawak sana ng sakahang tinatamnan ng palay at mais mula dekada 1990. Ayon sa mga estadistika ng gubyerno, ang saklaw ng lupang tinatamnan ng palay ay bumaba nang 86,606 ektarya at ang saklaw ng tinatamnan ng mais ay bumaba nang 298,064 ektarya mula 1991 hanggang 2002. Hindi kataka-takang nag-iimport na ngayon ng bigas at mais ang bansa dahil sa matinding kakulangan ng suplay. Ang pagbaba ng saklaw ng nasasakang lupain nagresulta rin sa matinding dislokasyon ng maraming mga magsasaka sa palayan at maisan.

Mula 1991 hanggang 2002, nabawasan ng 304,078 ektarya ang mga lupaing sinasaka. Mas masahol pa, mabisang nagamit ng mga panginoong maylupa at mga korporasyong agribisnes ang LUC bilang instrumento ng pangangamkam ng lupa mula sa mismong mga benepisyaryo ng huwad na repermang agraryo.

AB

# Pasistang pakana ang pambobomba sa Makati

**M**ariing kinukundena ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang pambobomba sa Glorietta 2 Mall sa Makati City noong Oktubre 19.

Ipinaaabot nito ang pinakataos-pusong pakikiramay sa lahat na naging biktima, kanilang mga pamilya at mahal sa buhay. Sampu ang napatay at 120 ang nasugatan sa pambobomba.

Ang pambobombang ito ay gagawan ng mga pasistang pwersa sa utos ng rehimeng Arroyo. Tanging si Gloria Arroyo at ang kanyang bulok, tiwali at pasistang pangkatin ang makikinabang sa terroristang karahasang ito. Sinadya ito upang ilihis ang atensyon ng mamamayan mula sa napakalaking mga iskandalo ng suhulan, panta-

rambong at iba pang karumal-dumal na krimen ng kanyang rehimeng para idiskaril ang nag-iibayong panawagan para patalsikin si Arroyo.

Tulad ng inaasahan, agad na sinamatala ni Arroyo ang kalagayan para salagin ang mga batikos laban sa kanya at magbabala laban sa mga "destabilisador." Maaaring isangkalan pa nito ang pambobomba para magpataw ng "emergency rule" at maghigpit sa mga namumuong protestang anti-Arroyo. Ikinatatakot nito na lumaki ang mga protesta sa antas na di na kakayanan ng hukbo at pulisia ng rehi-

men. Nagigimbal ito sa lumalaking posibilidad ng isa na namang pag-aalsang bayan.

Nananawagan ang PKP sa mamayang Pilipino na huwag magpasindak at sa halip ay pag-ibayuhin ang kanilang mga protesta at mapagsyang kumilos para patalsikin si Arroyo. Higit kailanman, dapat bantayan at militanteng tutulan ng mamamayan ang anumang hakbang ng rehimeng Arroyo para ituloy ang plano nitong magpataw ng hayag na paghaharing militar.

Hinbihok din ng PKP-BHB ang matitinong upisyal at kawal ng Armed Forces of the Philippines at Philippine National Police na itakwil at ilantad ang maruruming takikang ipinatutupad ng Malacañang at ng matataas na upisyal sa seguridad at depensa. AB

## "Pahintulot...," mula pahina 11

upisyal na hindi tortyur ang gina-gawa ng CIA sa pagkuha ng mga impormasyon hinggil sa terorismo.

Sa isang naging bantog na kaso ng pagtortyur sa kulungan ng Guantanamo, mismong mga abugado ng Justice Department ang nagsabing hindi makabuluhang ang mga nakuhang datos. Si Khalid Mohamed ay hinuli dahil diumano sa pamumuno niya sa pambobomba ng World Trade Center sa New York, USA noong Setyembre 11, 2001. Mahigit 100 beses siyang sumaillim sa matinding tortyur kasama na ang paglulunod sa loob ng dalawang linggo. Sa tindi ng tortyur ay "marami siyang ibinunyag" sa mga imbestigador. Ang lahat ng "ibinunyag" niya ay napatu-nayang "labis sa katotohanan, di kapani-paniwala at hindi totoo" nang kumpirmahin ang mga ito ng

iba pang imbestigador. May nakasampang kaso laban sa mga nagtortyur kay Mohamed na hanggang ngayon ay hindi umuusad sa korte.

Dahil sa nabunyag na pagtortyur at maraming iligal na detensyon sa mga suspectsadong elemento ng al Qaeda, nagsampa ng kaso ang mga nagtagtaguyod ng karaparang-tao sa Korte Suprema ng US. Idineklara ng Korte Suprema noong 2006 na protektado ng Geneva Conventions ang mga detenidong pinagbibintangang elemento ng al Qaeda, at sa gayo'y may karapatan laban sa tortyur. Napilitan si Bush na ipalipat mula sa Guantanamo ang mga detenido at payagang magkaroon ng abugado. Napilitan din ang CIA na itigil ang pagbuhos ng tubig sa mukha ng nakagapos na detenido para takutin ito at magbigay ng impormasyon (*waterboarding*).

Ngunit nitong Hulyo, naglabas ng panibagong memo sa tortyur si Presidente Bush kung saan pinahihintulutan ang tinatawag na "*enhanced interrogation techniques*" (pinaunlad na mga teknika sa interogasyon). Bumalik din sa paggamit ng "*black sites*" o mga sikretong kulungan ang CIA. Ang buong detalye ng memong ito ay hindi pa nalalantad.

Sa pagkakabunyaag ng memo at sa hayagang pagbabalewala ng US sa mga batas at internasyunal na patakaran hinggil sa digma, napilitan ang US Justice Department na bawiin ang memo. Ngunit wala itong paghusga na ang mga pagtortyur na ginawa ng CIA noong nakaraan ay iligal. Wala ring pagamin na hanggang sa kasalukuyan ay nananatili ang mga sikretong kulungan at pagtortyur sa Thailand, Afghanistan at marami pang bansa sa Europe. AB



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-MaoismoTaon XXXVIII Blg. 20  
Oktubre 21, 2007  
[www.philippinerevolution.org](http://www.philippinerevolution.org)

Editoryal


# Likhain ang unos na magpapabagsak sa rehimeng Arroyo

Suklam na suklam na ang mamamayan sa di matapus-tapos na serye ng panunuhol, pangungurakot at iba pang maruruming maniobra ng rehimeng US-Arroyo. Rinding-rindi na sila sa walang pakundangan at tila wala nang hanggang pagwawaldas ng Malacañang ng bilyong bilyong piso mula sa kabang-yaman ng bansa para higit pang makapangurakot at makapanatili sa poder.

Walang kaduda-dudang ang pangkatin at pamilyang Arroyo na ang pinakabulok at pinakamasiba sa nagdaang mga naghaharing pangkatin sa bansa.

Harap-harapang isinasagawa ng rehimen ang mga panunuhol kahit pa nasasadlak na sa isang napakatinding krisis ang paghahari nito. Sa bawat kasong nabubunyag, lang-tumitindi ang krisis hindi lamang ng paghahari ni Arroyo kundi ng buong reaksyonaryong sistema.

Nasa kasagsagan pa ang iskandalo ng suhulang NBN-ZTE nang bumulaga sa bayan ang sunud-sunod na namang malalaking iskandalo ng suhulan sa Malacañang. Magkakasunod na nalantad sa publiko ang walang kapararakang panunuhol ng Malacañang upang bilhin ang suporta ng mga kongresista, gubendor at iba pang lokal na upisyal. Ilandaang upisyal ang tumanggap ng hanggang ₱500,000 bukod pa sa ilampung milyong "pork barrel"



**Mga tampok sa isyung ito...**

Garapalang suhulan  
PAHINA 3

16 armas nasamsam ng BHB sa Compostela  
PAHINA 6

Imperialistang pandarambong sa agrikultura PAHINA 9

## Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-print sa istensil:
  - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
  - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
  - c) I-click ang **Properties**
  - d) I-click ang **Advanced**
  - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
  - f) Ituloy ang pag-print
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa [angbayan@yahoo.com](mailto:angbayan@yahoo.com)